

COVID 19

ISYU 1

• KOMIKS PARA SA BATA'T MATATANDA •

MAYO 2020

ANO ANG MGA SINTOMAS NG COVID-19?

LAGNAT, INUUBO,
KINAKAPOS NG HINGGA



NAKAKAHAWA ANG COVID-19!

MAAARING MAPUNTA ANG TALSIK
MULA SA LAWAY O SIPON SA MGA
MADALAS HAWAKANG BAGAY AT
KALAUNAN AY MAPUNTA SA ATING
BIBIG, ILONG, O MATA.



**STAY
AT HOME!**
MGA BAONG PALALA NG MGA
COVID KATIPUNEROS
PARA SA BAWAT PAMILYA




WALA PANG BAKUNA O GAMOT SA COVID-19! PAANO ITO MAILIWASAN?

- TAKPAN ANG BIBIG AT ILONG
TUWING BABAHING O UUBO.
- IMASANG HAWAKAN ANG BIBIG,
MATA AT ILONG.
- KUMAIN NG BALANSE AT
MASUSUSTANSIYANG PAGKAIN.
- MATULOG NANG SAPATI
WAG MAGPUPUYAT!
- MAGDALA LAGI NG ALCOHOL
O HAND SANITIZER.
- MAGHUGAS NG KAMAY GAMIT
ANG TUBIG AT SABON SA LOOB
NG 20 SEGUNDO AT PATUYUIN SA
HANGIN.
- LINISIN ANG MGA BAGAY NA
PALAGING HINAHAWAKAN, TULAD
NG MGA DOORKNOB AT SWITCH
NG ILAW.
- KUNG KAILANGANG LUMABAS,
SIGURUHING MAGHUGAS NG
MGA KAMAY AT HINDI BABABA SA
ISANG METRO ANG LAYO SA
IBANG TAO.

SA WASTONG PAG-IINGAT, ANG VIRUS, HINDI KAKALATI!
COVID-19, KAYANG-KAYA NATING TAPUSIN!

CORA AT VIDA "...NAY, RELAKS KA LANG PO..."



ILANG PALARONG PAMBATA UKOL SA COVID-19



PAANO KUMAKALAT ANG **VIRUS**?

1. MAGLAGAY NG TUBIG NA MAY KULAY SA I SANG SPRAY BOTTLE.
2. I-SPRAY ITO SA PUTING PAPEL.
3. TINGNAN KUNG GAANO KALAYO ANG NARATING NG DROPLETS NG TUBIG.
4. IPALIWANAG SA BATA NA ANG GERMS TULAD NG VIRUS AY MABILIS KUMALAT, KATULAD NG PAGKALAT MULA SA SPRAYER.
5. IPALIWANAG NA KAYA TAYO NAKA-COMMUNITY QUARANTINE AY PARA HINDI NA MAS KUMALAT PA ANG VIRUS.



TAMANG PAGHUHUGAS NG KAMAY

1. MAGHANDA NG PLATO NA MAY TUBIG AT PAMINTANG DUROG.
2. HIKAYATIN ANG BATA NA ISAWSAW ANG DALIRI NIYA SA TUBIG NA MAY PAMINTA.
3. TANUNGIN SIYA KUNG ANONG NA-OBSERBAHAN NIYA.
4. LAGYAN NG SABON ANG DALIRI NG BATA.
5. ISAWSAW ULIT ANG DALIRI NA MAY SABON SA TUBIG NA MAY PAMINTA.
6. TANUNGIN KUNG ANONG NA-OBSERBAHAN NIYA (SA PAGKAKATAONG ITO, MAKIKITANG ANG PAMINTA AY LALAYO SA DALIRI NIYA).
7. IPALIWANAG NA ANG PAMINTA AY PARANG GERMS O VIRUS NG COVID. KAPAG MADALAS ANG PAGHUHUGAS NG MGA KAMAY GAMIT ANG TUBIG AT SABON, MAIIWASAN ANG PAGKALAT NG MGA ITO.

KANTAHIN ANG **BABY SHARK** (HANDWASHING EDITION)

WET YOUR HANDS!
DO-DO-DO-DO-DO-DOO (2X)
WET YOUR HANDS!

SOAP YOUR HANDS!
DO-DO-DO-DO-DO-DOO (2X)
SOAP YOUR HANDS!

RUB YOUR HANDS!
DO-DO-DO-DO-DO-DOO (2X)
RUB YOUR HANDS!

RINSE YOUR HANDS!
DO-DO-DO-DO-DO-DOO (2X)
RINSE YOUR HANDS!



PAANO BA MAGING KATULAD NI COVID KATIPUNERO AT MAPUKSA ANG COVID-19?

SAGUTAN ANG CROSSWORD SA KANAN:

ACROSS

1. KUMAKANTA AKO NG "HAPPY _____" NANG DALAWANG ULIT O NAGBIBILANG HANGGANG 20 HABANG NAGHUHUGAS NG KAMAY, GAMIT ANG TUBIG AT SABON, PARA MAMATAY ANG KALABANG VIRUS! TINUTURO KO RIN ITO SA AKING MGA KAPATID.

3. KASAMA NG AKING MGA MAGULANG, KINUKUMUSTA


KO ANG AKING MGA _____ GAMIT ANG INTERNET.

4. KAPAG AKO AY NATATAKOT, NALILITO, O NAGAGALIT, SINISIKAP KONG _____ SI NANAY, TATAY, ATE O KUYA PARA MAINTINDIHAN ANG MGA NANGYAYARI AT MASAGOT ANG MGA TANONG KO.


DOWN

1. HABANG WALANG PASOK, NASA _____ LANG AKO—NAG-AARAL, NAGLALARO, AT TUMUTULONG KAY NANAY AT TATAY SA MGA GAWAING BAHAY.

2. KAPAG MASAMA ANG PAKIRAMDAM KO, SINASABI KO AGAD KAY NANAY AT _____.



SAGOT



ISIGAW...



PARA SA MAHAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA COVID-19,

BISITAHIN ANG WEBSITE NG

DOH, WHO o UNICEF.

KONTAKIN ANG INYONG LOKAL NA PAMAHALAAN SA MGA SUMUSUNOD NA NUMERO:

KUNG MAY NAIS ITANONG SA ATING MGA MENTAL HEALTH PROFESSIONALS, TUMAWAG SA NATIONAL CENTER FOR MENTAL HEALTH:

0917-899-8727 (USAP) O 02 8989-8727 (USAP)

PHILIPPINE RED CROSS HOTLINE: 143